Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue
Lungsod ng Pasig

# Gabay sa Kurikulum ng K to 12

# Edukasyon sa Pagpapakatao

(Unang  Baitang at Ika-10 Baitang)

Enero 31, 2012

## ANG BATAYANG KONSEPTWAL NG EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

Ang tunguhin o outcome ng pag-aaral sa batayang edukasyon ay ang *panlahatang pag–unlad taglay ang mga kasanayan sa ika–dalawampu't isang siglo*. Taglay ito ng isang mag-aaral kung mayroon siyang mga kakayahang pangkaalaman, pandamdamin at asal na magbibigay sa kanya ng kakayahan upang:

- mamuhay at magtrabaho
- linangin ang kanyang mga potensiyal
- gumawa ng mga pasyang mapanuri at batay sa impormasyon, at
- kumilos nang epektibo sa lipunan at pamayanan sa konteksto ng sandaigdigan upang mapabuti ang uri ng pamumuhay niya at ng kanyang lipunan (Literacy Coordinating Council, Setyembre 1997).

Ang kahulugan at ang limang palatandaan nito ay batay sa Apat na Batayan (Pillar) ng Edukasyon at ang konsepto ng UNESCO tungkol sa mga panghabangbuhay na kakayahan (life skills) na binuo ng International Commission on Education para sa ika-21 siglo. Ang limang palatandaan nito ay ang mga sumusunod: (a) may kakayahang makipagtalastasan, (b) nag-iisip nang mapanuri at may kakayahang lumutas ng suliranin, (c) ginagamit ang mga likas na yaman nang mapanagutan para sa susunod na salinlahi at (d) produktibo, napauunlad ang sarili at ang pakikipagkapwa, at (e) may malawak na pananaw sa daigdig.

Sa Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP), ang palatandaan o batayang kakayahan ng *functional literacy* ay *nagpapasya at kumikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat*. Ibig sabihin, nilalayon ng EsP na linangin at paunlarin ang pagkataong etikal ng mag-aaral. Ang EsP ay naglalayong gabayan ang mag-aaral na mahanap / matagpuan ang kabuluhan ng kanyang buhay, ang papel niya sa lipunang Pilipino upang makibahagi siya sa pagtatayo ng pamayanang pinaiiral ang katotohanan, kalayaan, katarungan at pagmamahal. Upang maipamalas ito, kailangang taglay niya ang limang pangunahing kakayahan (macro skills)*: pag-unawa, pagninilay, pagsangguni, pagpapasya at pagkilos.

- *Pag-unawa.* Mahalagang maipamalas niya ang kakayahang mahinuha ang mga konsepto at prinsipyong nagbibigay-paliwanag sa sariling karanasan, mga sitwasyong namasid, sinuri at pinagnilayan gamit ang obhektibong pamantayan ng moral na pamumuhay.

- *Pagninilay*. Sa gitna ng mabilis na daloy ng impormasyon at ingay ng kapaligiran, kailangang mag-ukol ng panahon ang mag-aaral sa maingat at malalim na pag-iisip sa mga sitwasyong namasid at mga konseptong natutuhan tungkol sa moral na pamumuhay.

- *Pagsangguni.* Kailangang humihingi siya ng payo o gabay sa mga taong may higit na kaalaman o kasanayan sa moral na pamumuhay at marunong magsala (weigh) ng mga impormasyong mula sa iba't ibang uri ng media batay sa obhektibong pamantayan ng moral na pamumuhay.

*TWG on K to 12 Curriculum-bersiyon ng Enero 31, 2012

- *Pagpapasya.* Kailangang matuto siyang bumuo ng sariling posisyon, paniniwala, paninindigan o kilos na isasagawa batay sa obhektibong pamantayan ng moral na pamumuhay.

- *Pagkilos.* Mahalagang mailapat niya ang konsepto o prinsipyong nahinuha mula sa mga konkretong sitwasyon ng buhay at maipakita ang kahandaang isabuhay ang mga mabuting ugali (virtues) na natutuhan batay sa obhektibong pamantayan ng moral na pamumuhay.

Ang mga pangunahing kakayahang ito ay nililinang sa apat na tema sa bawat taon sa paraang expanding spiral mula Kindergarten hanggang Grade 12. Ang apat na temang ito ay (a) Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya , (b) Pakikipagkapwa at Katatagan ng Pamilya, (c) Paggawa Tungo sa Pambansang Pag-unlad at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa, at (d) Pagkamaka-Diyos at Preperensya sa Kabutihan. Pitong pangunahing pagpapahalaga (core values) ang nililinang sa mga temang ito: Kalusugan at Pakikiisa sa Kalikasan, Katotohanan at Paggalang, Pagmamahal at Kabutihan, Ispiritwalidad, Kapayapaan at Katarungan, Likas-kayang Pag-unlad, Pagkamaka-Pilipino at Pakikibahagi sa Pambansang Pagkakaisa (Values Education for the Filipino: 1997 Revised Version of the DECS Values Education Program, ph. 10-11).

**Ang Pilosopiya at mga Teoryang Batayan ng Pagtuturo-Pagkatuto**

Ang Batayang Konseptwal ng Edukasyon sa Pagpapakatao ay batay sa pilosopiyang Personalismo tungkol sa pagkatao ng tao at sa *Virtue Ethics*. Ayon sa pilosopiya ng Personalismo, ang ating mga ugnayan ay nakaugat lagi sa pagpapakatao. Nalilikha natin ang ating pagpapakatao sa ating pakikipagkapwa. Sa *Virtue Ethics* naman, sinasabing ang isang mabuting tao ay nagsasabuhay ng mga virtue o mabuting gawi (habits) at umiiwas sa mga bisyo o masamang gawi. Samakatwid, ang nagpapabuti sa tao ay ang pagtataglay at ang pagsasabuhay ng mga mabuting gawi.

Sa kanyang murang edad na 6 hanggang 12 taon, maaaring hindi pa lubos na maunawaan ng isang bata ang kanyang pagkatao bilang tao ayon sa paliwanag ng pilosopiyang Personalismo. Ngunit maaari siyang sanayin sa mga virtue at pagpapahalaga upang siya'y lumaking isang mabuting tao. Sa mga edad na ito, mauunawaan niya na siya ay dapat na magpakabuti hindi lamang sapagkat ito ang inaasahan sa kanya ng lipunan kundi dahil siya ay tao - may dignidad at likas ang pagiging mabuti. May dignidad ang tao dahil siya ay bukod-tangi at may ugnayan sa kanyang kapwa, sa Diyos, at kalikasan.
Ang iba pang teorya na nagpapaliwanag kung paano natututo ang mag-aaral sa EP ay ang Interaktibong Teorya ng Pagkatuto ni Albert Bandura, Experiential Learning ni David Kolb, Constructivism at Teorya ng Career Development ni Ginzberg, et. al. at Super.

Ang mga pagkatuto tulad ng pagkakaroon ng mabuting ugali at bagong impormasyon ay maaaring makuha sa pagmamasid sa ibang tao ayon sa paliwanag ng Interaktibong Teorya ng Pagkatuto (Social Learning Theory) ni Albert Bandura. Ayon din sa teoryang ito, mahalaga ang mga iniisip ng tao sa kanyang pagkatuto at ang mga pagkatuto ay hindi nangangahulugang magbubunga ng pagbabago sa kilos.

Ang mga karanasan din ang pinagkukunan ng mga pagkatuto ayon kay David Kolb at sa Teorya ng Pagkatuto ng Constructivism. Ayon sa Teorya ng Experiential Learning ni Kolb, ang mga nasa edad (adults) ay natututo sa pamamagitan ng kanilang *pagninilay* sa kanilang mga karanasan, pagbuo ng mga

konklusyon o insight mula sa mga ito, at *paglalapat* ng mga ito sa angkop na mga sitwasyon ng buhay. Sinusuportahan ang pananaw ni Kolb ng Teorya ng Pagkatuto ng Constructivism. Ayon sa teoryang ito, nagkakaroon ng pagkatuto ang tao at gumagawa ng kabuluhan (meaning) batay sa kanyang mga karanasan. Naipamamalas ito sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng tuon sa mag-aaral. Nagkakaroon siya ng mga bagong pagkatuto gamit ang mga tanong ng guro at ng kanyang malikhaing paraan.

Nailalapat ang mga pagkatuto sa paggawa ng mga pasya lalo na sa kukuning kurso o propesyon. Ayon sa *Teorya ng Career Development* nina Ginzberg, e. al. at Super, dumadaan sa iba't ibang yugto ang pagpapasya ng bata ukol sa kurso o propesyon batay sa kanyang pagtingin sa sarili (self-concept), saloobin (attitude) at mga pagpapahalaga. Tinatanggap o tinatanggihan niya ang isang kurso o trabaho batay sa obserbasyon niya (halimbawa, mga kilos ng kanyang magulang batay sa propesyon nito) at kanyang tinuturing na mahalaga (halimbawa, malaking sweldo o paglilingkod sa lipunan).

## Mga Disiplina ng Edukasyon sa Pagpapakatao(EsP)

Ang nilalaman at istraktura ng Edukasyon sa Pagpapakatao ay nakaankla sa dalawang disiplina: Ethics at Career Guidance. Ang Etika ay ang siyensya ng moralidad ng kilos ng tao. Ang Career Guidance ay ang paggabay sa mag-aaral na magpasya ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal na tugma sa kanyang mga talento, kakayahan at aptitude at mga trabahong kailangan ng industriya.

## Mga Dulog sa Pagtuturo

Ang mga pangunahing dulog na gagamitin sa pagtuturo ng mga konsepto ay ang pagpapasyang etikal (*ethical decision making* sa pamamagitan ng pagsusuri ng suliranin o isyu), ang Panlipunan–Pandamdaming Pagkatuto (Social-Emotional Learning), at pagpaplano ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal.

Ang paggawa ng pagpapasyang etikal o moral ay ang pagbuo ng pasya na may preperensya sa kabutihan at magpapatingkad o maglilinang ng pagkatao ng tao. Ito ay proseso na kinapapalooban ng (a) pag-alam sa mga detalye ng sitwasyon at (b) maingat na pagsasaalang-alang ng mga moral na pagpapahalaga na mahalaga sa isang sitwasyon. Mahalaga rin dito ang pagiging sensitibo sa mga aspetong moral ng mga sitwasyon sa pang-araw-araw na buhay at ang kamalayan sa mga tao o pangkat na maaapektuhan ng pasya.

Ang Panlipunan–Pandamdaming Pagkatuto (Social-Emotional Learning) ay ang pagkakaroon ng mga kakayahang kailangan sa pagkilala at pamamahala ng sarili, paglinang ng pagmamalasakit sa kapwa, paggawa ng mapanagutang pasya, pakikipag-ugnayan, at pagharap nang epektibo sa mga mapanghamong sitwasyon. Ito ay paraan ng paglinang ng mga kakayahan ng mag-aaral upang magtagumpay sa mga gawain sa buhay. May limang uri ang mga kakayahang ito: Kamalayang Pansarili, Pamamahala ng Sarili, Kamalayang Panlipunan, Pamamahala ng Pakikipag-ugnayan at Mapanagutang Pagpapasya.





Figure 1. Ang Batayang Konseptwal ng Edukasyon sa Pagpapakatao

**E. Values Mapping**

| | I | II | III | IV |
|---|---|---|---|---|
| **Tema** | **Pagpapakatao at pagiging kasapi ng pamilya**<br><br>**(Self-worth)** | **Pakikipagkapwa-tao**<br><br>**(Harmony with other people)** | **Pagmamahal sa bansa at pakikibahagi sa pandaigdigang pagkakaisa**<br><br>**(Love of country and global solidarity)** | **Pagkamaka-Diyos at preperensya sa kabutihan**<br><br>**(Love of God and preference for the good)** |
| **K-3** | • Konsensya (conscience)<br>• Kalusugan<br>• Pangangalaga sa sarili (carefor oneself)<br>• Pagpipigil sa sarili (self-control)<br>• Pagiging tapat (honesty) | • Pagdama at pag-unawa sa<br>• Damdamin ng iba (empathy)<br>• Paggalang<br>• Kabutihan (kindness)<br>• Pagkamatapat (sincerity)<br>• Pagkabukas-palad (generosity) | • Pagkamasunurin(obedience)<br>• Kaayusan(order) | • Pananampalataya sa Diyos<br>• Pag-asa<br>• Pagmamahal<br>• Ispiritwalidad |
| **4-6** | • Katatagan ng loob (fortitude)<br>• Pagkamasigasig (perseverance)<br>• Mapanuring pag-iisip<br>• Pagkabukas isipan<br>• Pagmamahal sa katotohanan<br>• Pagkamatiyaga (patience) | • Compassion<br>• Pagkakawanggawa (charity)<br>• Pagkamagalang<br>• Pagmamalasakit sa kapwa<br>• Paggalang sa opinyon ng ibang tao | • Kasipagan(industry)<br>• Mapanagutan(responsibility)<br>• Pagmamalasakit sa kapaligiran<br>• Pagmamalasakit sa pamayanan | |

| | I | II | III | IV |
|---|---|---|---|---|
| **Tema** | **Pagpapakatao at pagiging kasapi ng pamilya**<br><br>**(Self-worth)** | **Pakikipagkapwa-tao**<br><br>**(Harmony with other people)** | **Pagmamahal sa bansa at pakikibahagi sa pandaigdigang pagkakaisa**<br><br>**(Love of country and global solidarity)** | **Pagkamaka-Diyos at preperensya sa kabutihan**<br><br>**(Love of God and preference for the good)** |
| **7-10** | • Disiplinang pansarili<br>• Tiwala sa sarili Integridad<br>• Mapagkakatiwalaan<br>• Katatagan (Steadfastness)<br>• Kalinisan (Purity)<br>• Pagtitimpi at moderasyon<br>• Maingat na pagpapasaya<br>• Pagkakabuklod ng pamilya (familysolidarity) | • Fairness<br>• Mapanagutan<br>• Katarungan<br>• Pagmamahal sa kapwa<br>• Pakikipagtulungan<br>• Pakikipagkaibigan<br>• Pagmamalasakit<br>• Pagbibigay halaga sa kapwa<br>• Pagiging palakaibigan | • Determinasyon<br>• Pagkamasunurin<br>• Pagpapakumbaba (humility)<br>• Pagmamahal at kabutihan<br>• Pagpapahalaga sa kalikasan<br>• Pangngalaga ng kapaligiran<br>• Kapayapan at katarungan Pagmamalasakit para sa kabutihan ng nakararami (common good)<br>• Pananagutang panlipunan<br>• Paggalang sa karapatang-pantao<br>• Pagkakapantay-pantay ng mga tao<br>• Pakikipagtulungan (cooperativeness) | • Pagmamahal sa Diyos<br>• Prudence<br>• Temperance<br>• Katarungan<br>• Katatagan |

## COURSE DESCRIPTION

Ang Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) ay asignaturang bahagi ng K to 12 na gagabay at huhubog sa mga kabataan. Ang tunguhin o *outcome* ng EsP ay kabataang nagpapasya at kumikilos nang mapanagutan tungo sa kabutihang panlahat. Nangangahulugan ito na lilinangin at pauunlarin ang **pagkataong etikal** ng bawat mag-aaral. Upang maipamalas ito, kailangang magtaglay siya ng limang pangunahing kakayahan (*macro skills*): **pag-unawa, pagninilay, pagsangguni, pagpapasya at pagkilos**.

Ang mga pangunahing kakayahang ito ay nalilinang sa apat na tema sa bawat antas mula Kindergarten hanggang Baitang 10: (a) Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya, (b) Pakikipagkapwa, (c) Paggawa Tungo sa Pambansang Pag-unlad at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa, at (d) Pagkamaka-Diyos at Preperensya sa Kabutihan.

Apatnapung minuto araw-araw ang iminumungkahing oras at Filipino ang gagamitin sa pagtuturo ng EP.

### Matrix of Content/Values for K to 10

| Nilalaman / Halaga | K | Gr. 1 | Gr. 2 | Gr. 3 | Gr. 4 | Gr. 5 | Gr. 6 | Gr. 7 | Gr. 8 | Gr. 9 | Gr. 10 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **A. Pagpapakatao at Pagiging Kasapi ng Pamilya:** | | | | | | | | | | | |
| 1. Pagkilala sa sarili | | | | | | | | | | | |
| o Kalakasan / potensyal | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | | | |
| o Kahinaan | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | | | |
| o Damdamin | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | | | |
| 2. Pangangalaga sa sarili | | | | | | | | | | | |
| o Mabuting kalusugan | ● | ● | | | | | | ● | ● | ● | ● |

| Nilalaman / Halaga | K | Gr. 1 | Gr. 2 | Gr. 3 | Gr. 4 | Gr. 5 | Gr. 6 | Gr. 7 | Gr. 8 | Gr. 9 | Gr. 10 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ○ Pagpipigil sa sarili | ● | ● | | | | | | | | | |
| 4. Katatagan ng loob | | | ● | ● | ● | ● | ● | | ● | | |
| 5. Pagkamasigasig | | | ● | ● | ● | ● | ● | ● | | ● | |
| 6. Mapanuring pag-iisip | | | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● |
| 7. Pagkakaroon ng bukas na isipan | | | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● |
| 8. Pagmamahal sa katotohanan | | | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● |
| 9. Pagkamatiyaga | | | ● | ● | ● | ● | ● | | | ● | |
| 10. Pagkamahinahon | | | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● |
| 11. Pagkakabuklod ng pamilya / Kaayusan | | | ● | ● | ● | | | | ● | | |
| **B. Pakikipagkapwa-tao** | | | | | | | | | | | |
| 12. Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba | | ● | ● | ● | ● | | | ● | ● | ● | ● |
| 13. Paggalang | | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● |
| 14. Pagkamatapat | | ● | ● | ● | ● | | | ● | | | |
| 15. Pagkabukas-palad | | ● | ● | ● | ● | | | | ● | | |
| 16. Pagmamalasakit sa kapwa | | | | | | ● | ● | | ● | | |
| ○ Pagiging palakaibigan | ● | | | | | | | | ● | | |
| ○ Pagkakawanggawa / pagkamahabagin | | | | | | ● | | | ● | | |
| **C. Pagmamahal sa bansa at pakikibahagi sa pandaigdigang pagkakaisa** | | | | | | | | | | ● | ● |

| Nilalaman / Halaga | K | Gr. 1 | Gr. 2 | Gr. 3 | Gr. 4 | Gr. 5 | Gr. 6 | Gr. 7 | Gr. 8 | Gr. 9 | Gr. 10 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 17. Pagkamasunurin | | ● | ● | ● | ● | | | | | | |
| 18. Kasipagan | | | | | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● |
| 19. Mapanagutan | | | | | | ● | ● | ● | ● | ● | ● |
| 20. Nasyonalismo at Globalismo | | | | | | ● | ● | | ● | ● | ● |
| ○ Kaayusan | | ● | ● | ● | ● | | | | | | |
| ○ Patriotismo | | | | | | | | | | ● | ● |
| ○ Pagmamalasakit sa kapaligiran | ● | ● | ● | ● | ● | | | | | | ● |
| ○ Pandaigdigang pagkakaunawaan | | | | ● | ● | ● | ● | | | | ● |
| **D. Pagkamaka-Diyos at preperensya sa kabutihan (Ispiritwalidad)** | | | | | | | | | | | |
| 21. Pananampalataya sa Panginoon | | ● | ● | ● | ● | | | | | | ● |
| 22. Pag-asa (Hope) | | ● | ● | ● | ● | | | | | | ● |
| 23. Pagkamatapat (Sincerity) | | ● | ● | ● | ● | | | ● | ● | | |
| 24. Pagmamahal at pagkakawanggawa (Charity) | | ● | ● | ● | ● | | | | ● | | ● |
| 25. Paggalang sa karapatan ng iba | | ● | ● | ● | ● | | | | ● | | |
| 26. Paggalang sa paniniwala ng iba | | ● | ● | ● | ● | | | | ● | | ● |

## MGA PAMANTAYAN SA PROGRAMA (LEARNING AREA STANDARDS)

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto sa pananagutang pansarili, pamilya, kapwa, bansa/daigdig at Diyos; nagkapagpapasya at nakakikilos nang mapanagutan para sa kabutihang panlahat upang mamuhay nang may kaayusan, katiwasayan, kaunlaran tungo sa kaligayahan ng tao.

## PANGUNAHING PAMANTAYAN NG BAWAT YUGTO (KEY STAGE STANDARDS)

| K –3 | 4–6 | 7–10 |
|---|---|---|
| *Naipamamalas ng mag-aaral ang…*<br>pag-unawa sa konsepto at gawang nagpapakita ng pananagutang pansarili, pagmamahal sa kapwa, sa bansa at sa Diyos tungo sa maayos at masayang pamumuhay. | *Naipamamalas ng mag-aaral ang..*<br>pag-unawa sa konsepto at gawang nagpapakita ng pananagutang pansarili, pagmamahal sa kapwa,sa bansa/ daigdig at sa Diyos tungo sa kabutihang panlahat. | *Naipamamalas ng mag-aaral ang…*<br>pag-unawa sa mga konsepto at gawang nagpapakita ng mapananagutang pagpapasya at kilos na may preperensiya sa kabutihan, pagmamahal sa pamilya at kapwa, pagpapahalaga sa paggawa, pagmamalasakit sa bansa/daigdig tungo sa kaayusan, katiwasayan, kaunlaran at kaligayahan ng tao. |

**Grade Level Standards (Pamantayan sa Bawat Baitang/ Antas)**

| | |
|---|---|
| **1** | Naipakikita ang mga paraan ng paggalang sa sarili, kapwa, sa bansa at Diyos bilang gabay tungo sa maayos at masayang tahanan at paaralan. |
| **2** | Naipakikita ang mga kilos na nagpapahalaga sa sarili,sa kapwa, sa bansa at sa Diyos at sa kanyang mga nilikha bilang patnubay sa maayos at masayang tahanan, paaralan at pamayanan. |
| **3** | Naisasagawa ang mga gawain na nagpapakitang pagpapahalaga sa sarili,sa kapwa,sa bansa at sa Diyos at sa kanyang mga nilikha tungo sa maayos at masayang pamumuhay. |
| **4** | Naipamamalas ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga makabuluhang gawain naayon sa kagustuhan ng Diyos tungo sa maayos, masaya, mapayapang pamumuhay ng sarili, ng kapwa at kaunlaran ng bansa. |
| **5** | Naipamamalas ang pag-unawa sa masusing pagsusuri sa pagpapahayag, pagganap ng tungkulin sa sarili/ mag-anak, kapwa/ pamayanan, bansa/ daigdig na may kaakibat na pananagutan at pagsasabuhay ng mga ito tungo samasaya,mapayapa at maunlad na pamumuhay. |
| **6** | Naipamamalas nang may pag-unawa ang mga gawaing may kaugnayan sa pag-angat ng sariling dignidad, katatagan ng loob sa panahon ng mga pagsubok at pagtulong sa kapwa tungo sa maayos at maunlad na pamumuhay. |
| **7** | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos sa panahon ng pagdadalaga/ pagbibinata, talento at kakayahan, hilig at pagkatao ng tao tungo sa pagtupad ng mga tungkulin sa sarili, sa kapwa, sa bansa/ daigdig at sa Diyos at pagtatakda ng mithiin upang mapanagutan ang kahihinatnan ng mga pasya at kilos. |
| **8** | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa layunin at kahalagahan ng pamilya bilang pundasyon ng pakikipagkapwa tungo sa pagiging mapanagutan sa bansa/daigdig at Diyos. |
| **9** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahalagahan ng masusing pagpili ng kursong kukunin at ng hanap buhay para sa sariling kinabukasan, tumutugon sa makabuluhang paggawa, local o global, tungo sa pagsulong ng pambansang kaunlaran at ayon sa plano ng Diyos. |
| **10** | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at katatagang humarap sa mga isyung moral at impluwensyang kapaligiran, kakayahang gumawa ng moral na pasya at kumilos nang may preperensya sa kabutihan. |

## GRADE 1

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **I. Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya (*Self-Worth*)** | | | |
| • Pangangalaga sa sarili (care for oneself)<br>- Mabuting Kalusugan | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalusugan, pagkakaroon ng disiplina at naisasagawa ang mga kilos at gawain nang may paggalang, katapatan at pagmamahal. | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naisasabuhay ang iba't ibang paraan ng tamang pangangalaga sa kalusugan ng sarili | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naisasagawa ang iba't ibang paraan ng pangangalaga sa kalinisan ng sarili tulad ng mga sumusunod:<br>- pagsesepilyo<br>- paliligo<br>pagsusuot ng malinis na damit<br>- paggamit ng pansariling kagamitan tulad ng suklay, sepilyo, tuwalya, atbp.<br><br>• naisasagawa ang iba't ibang paraan ng pangangalaga sa sarili upang maiwasan ang anumang karamdaman<br>- wastong gawi sa pagkain<br>- paghuhugas ng kamay bago at pagkatapos kumain<br>- pag-iwas sa pagkain ng "junk foods" at pag-inom ng "softdrinks" |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| - Pagpipigil sa Sarili (self - control)<br>- Mabuing Konsensya (good conscience)<br>- Pagiging Mabuting Kasapi ng Pamilya | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nagkakaroon ng kamalayan at naipapakita ang mga kilos ng paggalang. | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipakikita ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili sa iba't ibang sitwasyon.<br>• matapat na naipadarama ang paggalang sa mga kasapi ng mag-anak at ibang nakatatanda. | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naisasagawa nang may katapatan ang mga kilos na nagpapakita ng disiplina sa sarili sa iba't ibang sitwasyon:<br>- paggising<br>- bago matulog<br>- pagpasok sa paaralan<br>- pagkain<br>• naipakikita ang paggalang sa mga kasapi ng mag-anak at ibang nakatatanda sa lahat ng pagkkataon<br>- paggamit ng magagalang na katawagan/pananalita<br>- pagbati nang maayos<br>- pagkilos nang magalang atbp |
| - Pagkakabuklod ng pamilya | • nauunawaan at naipakikita ang pagmamalasakit sa mag-anak. | • naipakikita nang tapat ang pagmamalasakit sa mga kasapi ng mag-anak. | • naipadarama ang pagmamahal sa mga kasapi ng mag-anak sa pamamagitan ng paggawa nang mabuti<br>- pag-aalala sa mga kasambahay at kapwa-bata<br>- pag-aalaga sa nakababatang kapatid at kapamilyang may sakit |
| | • nauunawan ang pinagkasunduan at nakasusunod sa mga ito para sa kabutihan ng pamilya. | • matapat at maayos na nakasusunod sa mga kasunduang itinakda ng mag-anak para sa kabutihan ng lahat. | • nakasusunod sa mga pamantayan/ tuntunin ng mag-anak.<br>- takdang oras ng iba't ibang gawaing bahay<br>- pangangasiwa ng mga pangunahing pangangailangan/gastusin |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• nauunawaan at naisasagawa ang mga kilos at gawaing magpapasaya sa tahanan. | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipadarama ng may pagmamahal ang mga kilos at gawaing nagpapasaya sa tahanan. | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naisasagawa ang mga kilos at gawain na nagpapasaya sa tahanan gaya ng:<br>- pagsasama-sama sa pagkain;<br>- pagdarasal;<br>- pamamasyal;<br>- pagkukuwento tungkol sa masasayang sitwasyon o pangyayari sa araw-araw. |
| **II. Pakikipagkapwa-tao *(Harmony with Other People)*** | | | |
| • Pagdama sa damdamin ng iba<br><br>• Pagmamahal at kabutihan | • naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng pagsasabi ng totoo at naisasabuhay ito. | • naisasabuhay ang pagiging matapat sa lahat ng pagkakataon. | • nasasabi ng totoo sa magulang/nakatatanda at iba pang kasapi ng mag-anak sa lahat ng pagkakataon upang maging maayos ang samahan.<br>- kung saan papunta/ nanggaling<br>- kung kumuha ng hindi kanya<br>- mga pangyayari sa paaralan na nagbunga ng di pagkakaintindihan |
| **III. Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa (*Love of Country and Global Solidarity*)** | | | |
| • Pag-ayon sa kaligtasan<br><br>• Kaayusan | • nagkakaroon ng kamalayan at naipamamalas ang mga gawaing nakatutulong sa kalinisan ng paligid. | • nakatutulong nang kusa sa pagpapanatiling malinis ng paligid. | • naisasagawa nang palagian ang pagtulong sa pananatili ng kalinisan at kaayusan ng tahanan at paligid para sa mabuting kalusugan.<br><br>• naipagmamalaki ang pagkabuklod ng mag-anak. |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman<br>(Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap<br>(Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan<br>(Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **IV. Pananalig sa Panginoon at Preperensya sa Kabutihan (*Love for God and Preference for the Good*)** | | | |
| • Pananampalataya sa Diyos *(Faith)*<br>• Pag-asa *(Hope)*<br>• Ispiriwalidad *(Spirituality)* | Ang mag-aaral ay…<br>• nagkakaroon ng kamalayan sa paraan ng pananalig at pagsunod sa Panginoon. | Ang mag-aaral ay…<br>• naisasagawa ang pasasalamat at pakikipag-ugnayan ng may pananalig sa Panginoon. | Ang mag-aaral ay…<br>• naipakikita ang kakayahang magpasalamat sa Panginoon ;<br>- naisasagawa ang mga pamaraan ng pakikipag-ugnayan sa Panginooon sa pamamagitan ng pagdarasal, pag-awit, pagsayaw, pagsamba, atbp. |

**GRADE 2**

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **I. Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya (*Self-Worth*)** | | | |
| • Pagkilala at Pangangalaga sa Sarili<br>- Pagpipigil sa Sarili<br>- Pagkamarapat<br>- Mabuting Kalusugan | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sariling kakayahan tungo sa pagkakaisa ng buong mag-anak. | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipakikita ang kakayahan ng may tiwala sa sarili. | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nasusuri ang sariling:<br>- gusto<br>- interes<br>- kakayahan<br>- kahinaan<br>- damdamin/ emosyon<br>- at iba pa<br>• naisasakilos ang sariling kakayahan sa pamamagitan ng:<br>- pakikipagtalastasan<br>- pag-awit<br>- pagguhit<br>- at iba pa<br>• naipapadama ang pagtanggap ng sariling kahinaan sa pamamagitan ng:<br>- pagkakaroon ng tiwala sa sarili<br>- paggawa ng makakaya anuman ang kapansanan<br>at iba pa |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| - Family Solidarity | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br>• Naipakikita ang palagiang pagsunod sa mga tuntunin ng mag-anak sa tahanan. | *Ang mag-aaral ay…*<br>• Nakasusunod sa mga tuntunin at pamantayan na itinakda ng mag-anak tulad ng:<br>- wastong paraan ng pagliligpit ng gamit sa tahanan<br>- wastong paraan ng paggamit ng palikuran<br>- palagiang pagtulong sa pagpapanatili ng kaliisan at kaayusan ng tahanan<br>- wastong paraan at gawi bago at pagkatapos kumain |
| | • nauunawaan at naisasagawa ang mga kilos at gawaing magpapasaya sa tahanan | • naipadama nang may pagmamahal ang mga kilos at gawaing nagpapasaya sa tahanan | • naisasagawa ang mga kilos at gawain na nagpapasaya sa tahanan gaya ng:<br>- pagsasama-sama sa pagkain<br>- pagdarasal<br>- pamamasyal<br>- pagkukuwento tungkol sa masasayang sitwasyon o pangyayari sa araw-araw |
| **II. Pakikipagkapwa-tao *(Harmony with Other People)*** | | | |
| • Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba (*empathy*)<br>• Paggalang (*respect*)<br>• Kabutihan (*kindness*)<br>• Pagkamatapat (*sincerity*) | • naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng pagiging sensitibo sa damdamin at pangangailangan ng kapwa. | • naipakikita ang wasto at tapat na pakikitungo at pakikisalamuha sa kapwa. | • naipakikita ang pagiging magiliw at palakaibigan ng may pagtitiwala sa mga sumusunod:<br>- kapitbahay<br>- kamag-anak<br>- kamag-aral<br>- panauhin/bisita<br>- bagong kakilala<br>- taga ibang lugar |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
| --- | --- | --- | --- |
| • Pagkabukas-palad (*generosity*) | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipakikita ang paggalang sa kapwa bata at pamunuan ng paaralan<br>• nailalagay ang sarili sa kalagayan ng kapwa tulad ng:<br>- antas ng kabuhayan<br>- pinagmulan<br>- pagkakaroon ng kapansanan |
| **III. Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa (*Love of Country and Global Solidarity*)** | | | |
| • Pagkamasunurin (*obedience*)<br>• Kaayusan (*Orderliness*)<br>• Paggalang sa karapatang pantao (*Respect for human rights*) | • naipamamalas ang pagkakaroon ng kamalayan sa karapatang pantao ng mga bata sa pangangalaga sa kapaligiran ng pamayanan. | • naipakikita ng buong pagmamalaki ang pagiging mulat sa karapatan na maaring tamasahin. | • natutukoy ang mga karapatang maaring ibigay ng mag-anak.<br>• naipahahayag ang kasiyahan sa mga karapatang tinatamasa.<br>• naibabahagi sa pamamagitan ng kwento ang pasasalamat sa tinatamasang karapatan. |
| **IV. Nationalismo at Globalismo** | | | |
| • Kaayusan<br>• Pag-ayos sa Kalikasan<br>- Kalinisan<br>- Kapaligiran<br>• Pandaigdigang na Pagkakaunawaan | | • naisasagawa ang mga pangangalaga sa kapaligiran na kayang gawin sa iba't ibang paraan. | • naisasagawa ang wastong paraan ng pagtatapon ng basura at iba pa. |

| Content | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **V. Pananalig sa Panginoon at Preperensya sa Kabutihan (*Love for God and Preference for the Good*)** | | | |
| • Pananampalataya sa Diyos (*Faith*)/ Ispiritwalidad (*Spirituality*)<br>• Pag-asa (*Hope*)<br>• Pagmamahal (*Charity*)<br>• Paggalang sa paniniwala ng iba | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipamamalas ang pang-unawa sa pagpapahalaga sa lahat ng likha ng Diyos. | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naisasabuhay ang palagiang pagpapahalaga sa lahat ng likha ng Diyos. | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipakikita ang pasasalamat sa mga kakayahan/talinong bigay ng Diyos sa pamamagitan ng:<br>- paggamit ng talino at kakayahan<br>- pakikibahagi sa iba ng taglay na talino at kakayahan<br>- pagtulong sa kapwa<br>- pagpapaunlad ng talino at kakayahang bigay ng Diyos |

**GRADE 3**

<table>
<tr><th>Content</th><th>Pamantayang Pangnilalaman<br>(Content Standards)</th><th>Pamantayan sa Pagganap<br>(Performance Standards)</th><th>Mga Batayang Kasanayan<br>(Learning Competencies)</th></tr>
<tr><td colspan="4">I. Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya (Self-Worth)</td></tr>
<tr><td>• Katatagan ng loob (fortitude)<br><br>• Konsensya<br><br>• Mabuting kalusugan<br><br>• Pangangalaga sa sarili<br><br>• Pagpipigil sa sarili<br><br>• Pagiging tapat</td><td>Ang mag-aaral ay…<br><br>• naipaamalas ang pang-unawa na ang pangangalaga at pag-iinagat sa sarili ay makabuluhan</td><td>Ang mag-aaral ay…<br><br>• napakikita ang iba’t ibang patunay ng pangangalaga at pag-iingat sa sarili</td><td>Ang mag-aaral ay…<br><br>• naisasagawa nang palagian ang mga wastong gawi sa pangangalaga sa sariling, kalusugan at kaligtasan<br><br>• nahihikayat ang kapwa na gawin ang mga sumusunod para sa sariling kalusugan at kaligtasan:<br>- Pagkain/Inumin<br>- Kagamitan<br>- Lansangan<br><br>• naipahahayag nang may patunay na ang pangangalaga sa sariling kalusugan at kaligtasan ay magbubunga ng:<br>- Maayos at malusog na pangangatawan<br>- Kaangkupang pisikal<br>- Kaligtasan sa kapahamakan<br>- Masaya at maliksi</td></tr>
<tr><td></td><td>Ang mag-aaral ay…</td><td>Ang mag-aaral ay…</td><td>Ang mag-aaral ay…</td></tr>
</table>

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| • *Family solidarity/ Orderliness* | | • naipakikita ang pakikiisa at pagsunod sa mga tuntunin ng mag-anak na may kinalaman sa kalusugan at kaligtasan<br>- Paghahanda ng wastong pagkain<br>• kalinisan sa loob at labas ng tahanan | • nakasusunod nang may kusang loob at kawilihan sa mga panuntunang itinakda ng tahanan |
| | • nauunawaan ang pinagkasunduan at nakasusunod sa mga ito para sa kabutihan ng pamilya | • matapat at maayos na nakasusunod sa mga kasunduan itinakda ng mag-anak para sa kabutihan ng lahat | • nakasusunod sa mga pamantayan/tuntunin ng mag-anak<br>- takdang-oras ng iba't ibang gawaing bahay<br>- pangangasiwa ng mga pangunahing pangangailangan/ gastusin |
| **II. Pakikipagkapwa-tao *(Harmony with Other People)*** | | | |
| • Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba (*empathy*)<br>• Paggalang (*respect*)<br>• Kabutihan (*kindness*) Pagkamatapat (*sincerity*) Pagkabukas-palad (*generosity*) | • naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagan ng tao ay hindi nabbubuhay para sa kanyang sarili lamang | • naisasabuhay nang palagian ang mga makabuluhang gawain tungo sa kabutihan ng kapwa<br>- Pagmamalasakit sa kapwa<br>- Pagiging matapat sa kapwa<br>- Pantay-pantay na pagtingin | • naipadarama ang malasakit sa kapwa na may karamdaman tulad ng:<br>- Pag-aalaga, pagdalaw<br>- Pag-aliw sa pamamagitan ng pagkukwento, pagdadala ng<br>- pagkain o anumang bagay na kailangan |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipakikita ang malasakit sa may mga kapansanan sa pamamagitan ng:<br>- Pagbibigay ng upuan<br>- Pagbibigay-halaga<br>- Pagsali sa mga gawaing kayang gawin tulad ng laro, programa sa paaralan, paligsahan at iba pa |
| | | | • naisasaalangalang ang katayuan/ kalalagayan/pangkat etnikong kinabibilangan ng kapwa bata sa pamamagitan ng:<br>- Pagbabahagi ng pagkain, laruan, damit, gamit at iba pa |
| | | | • naipakikita nang may kasiyahan ang pakikiisa sa mga gawaing pambata halimbawa:<br>- Paglalaro<br>- Programa sa paaralan, (paligsahan, pagdiriwang at iba pa) |
| **III. Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa (*Love of Country and Global Solidarity*)** | | | |
| • Pagkamasunurin (*obedience*)<br>• Kaayusan | • naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng pananatili ng mga natatanging kaugaliang Pilipino kaalinsabay ng pagsunod sa mga tuntinin ng pamayanan | • naisasabuhay ang mga kaugaliang Pilipino sa iba't ibang pagkakataon | • naipapakita ang mga kaugaliang Pilipino tulad ng:<br>- Pagmamano<br>- Pagsusunod sa mga tagubilin ng nakatatanda<br>- Paggamit ng "po at opo" |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| NATIONALISM AND GLOBALISM<br>• Kaayusan<br>• Pag-ayos sa Kalikasan<br>  • Kalinisan<br>  • Kapaligiran<br>• Pandaigdigang na Pagkakaunawaan | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naisasagawa nang bukal sa kalooban ang pagsunod sa iba't ibang tuntunin ng pamayanan na may kinalaman sa:<br>- Pangangalaga sa kapaligiran<br>- Kaligtasan<br>- Kalusugan<br>- Hanapbuhay | *Ang mag-aaral ay…*<br>• napapanatiling malinis at ligtas ang pamayanan sa pamamagitan ng:<br>- Paglilinis ng tahanan<br>- Wastong pagtatapon ng basura<br>Palagiang pakikilahok sa proyekto ng pamayanan na may kinalaman sa kapaligiran |
| | | | • nakasusunod sa mga tuntunin na may kinalaman sa kaligtasan<br>- Pagsunod sa mga babala/paunawa<br>- Pagsakay/pagbaba sa takdag lgar<br>- Pagsunod sa batas trapiko |
| | | | • naipamamalas na ang pagsunod sa tuntunin ng pamayanan ay isang tanda ng mabuting pag-uugali ng isang Pilipino |
| **IV. Pananalig sa Panginoon at Preperensya sa Kabutihan (*Love for God and Preference for the Good*)** | | | |
| • Pananampalataya sa Diyos (*Faith*)<br>• Pag-asa (*Hope*)<br>• Pagmamahal (*Charity*)<br>• Ispiritwalidad (*spirituality*)<br>• Paggalang sa paniniwala sa iba | • naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng iba panglikha ng Diyos. | • naipapakita nang may pamamalasakit ang pangangalaga at pagpapahalaga sa mga bagay na likha ng Diyos tulad ng:<br>- Likas na yaman tubig, lupa at kapaligiran | • naipakikita ang matalinong ng paggamit pangangalaga ng mga likas na yaman sa iba't ibang paraan tulad ng:<br>- Wastong paggamit ng tubig<br>Hal: paghuhugas ng pinggan at iba pa.<br>- Paggawa ng simpleng "compost pit"<br>- Pagtatanim<br>- Pag-iwas sa paggamit ng supot na plastik sa tahanan at paaralan<br>- Pagtatapon ng sariling basura sa tamang lalagyan |

## GRADE 4

| Content | Pamantayang Pangnilalaman<br>(Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap<br>(Performance Standards ) | Mga Batayang Kasanayan<br>(Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **I. Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya (*Self-Worth*)** | | | |
| • Katatagan ng loob (*fortitude*)<br>• Pagkamasigasig (*perseverance*)<br>• Mapanuring pag-iisip (*critical-thinking*)<br>• Pagkabukas isipan (*open-mindedness*)<br>• Pagmamahal sa katotohanan (*love for truth*)<br>• Pagkamatiyaga (*patience*)<br>• Pagkamahinahon (*calmness*)<br>- Konsensya<br>- Mabuting kalusugan<br>- Pangangalaga sa sarili<br>- Pagpipigil sa sarili<br>- Pagiging tapat | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipamamalas ang pang-unawa na ang katotohanan ang magpapalaya sa anumang alalahanin sa buhay ng tao | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naisasagawa nang may mapanuring pag-iisip ang tamang pamamaraan/pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• nakapagsasabi ng katotohanan anuman ang maging bunga nito<br><br>• nasusuri muna ang katotohanan bago gumawa ng anumang hakbang:<br>- Pagsangguni sa taong kinauukalan<br><br>• nakikilatis ang katotohanan sa mga:<br>- Balitang napakinggan<br>- Patalastas na nabasa/narinig<br>- Napanood na programang pantelebisyon |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards ) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **II. Pakikipagkapwa-tao *(Harmony with Other People)*** | | | |
| • Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba (*empathy*)<br><br>• Paggalang (*respect*)<br><br>• Kabutihan (*kindness*)<br><br>• Pagkamatapat (*sincerity*)<br><br>• Pagkabukas-palad (*generosity*) | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng « Gintong Aral » na nagtuturo ng mabuting pakikipagkapwa na hindi naghihintay ng anumang kapalit | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naisasagawa nang may mapanuring pag-iisip ang tunay na kahulugan ng pakikipagkapwa | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipakikita ang pagkamahinahon sa damdamin at kilos ng kapwa tulad ng:<br><br>- pagtanggap ng sariling pagkakamali at naitutuwid nang bukal sa loob<br>- pagtanggap ng puna ng kapwa nang maluwag sa kalooban<br>- pagpili ng mga salitang di nakasasakit ng damdamin sa pagbibiro<br><br>• nakapagkukwento ng sariling karanasan o makabuluhang pangyayaring nagpapakita ng pang-unawa sa kalagayan/ pangangailangan ng kapwa<br><br>• naisasabuhay ang pagiging bukas-palad sa:<br><br>- Mga nangangailangan<br>- Panahon ng kalamidad<br><br>• nakapagbibigay ng opinyon o kuru-kuro hingil sa hangganan ng pagiging bukas-palad<br><br>• naiiwasan ang pakikialam sa gamit ng bawat kasapi ng pamilya o sinuman |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards ) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• Naipapakita ang paggalang sa karapatan ng kapwa:<br><br>- Sa pamilya<br>- Sa paaralan<br>- Sa baranggay<br>- Sa pampublikong Serbisyo (*facilities*) | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipakikita ang paggalang sa mga sumusunod na sitwasyon:<br>- oras ng pamamahinga<br>- kapag may nag-aaral<br><br>- kapag mayroong maysakit<br>- pakikinig kapag may nagsasalita/ nagpapaliwanag<br>- paggamit ng pasilidad ng paaralan nang may pag-aalala sa kapakanan ng kapwa<br>➢ palikuran<br>➢ silid aklatan<br>➢ palaruan<br>- pagpapanatili ng katahimikan at malinis at kaaya-ayang kapaligiran bilang paraan ng pakikipagkapwa-tao |
| **III. Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa (*Love of Country and Global Solidarity*)** | | | |
| • Pagkamasunurin (*obedience*)<br><br>• Kaayusan (*Order*)<br><br>*NATIONALISM AND GLOBALISM*<br><br>• Kaayusan | • naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng pamanang Kultura bilang daan tungo sa pandaigdigang pagkakaisa<br>- materyal<br>➢ Panitikan<br>➢ Laro<br>➢ Sining<br>✓Awit<br><br>✓Sayaw | • naisasagawa nang may pagmamalaki ang mga minanang kultura:<br>materyal at di-materyal bilang tanda ng pagkamaka-Pilipino | • naipakikita ang kawilihan sa pakikinig o pagbabasa ng mga sumusunod na pamanang kulturang materyal:<br>- Kuwentong bayan/epiko<br>- Pabula<br>- Alamat<br>- Parabula<br>- Bugtong<br>- Salawikain<br><br>• nakikilahok sa iba-ibang gawaing pangkultura bilang tanda ng pagkamaka- |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman**<br>(Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap**<br>(Performance Standards ) | **Mga Batayang Kasanayan**<br>(Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| • Pag-ayos sa Kalikasan<br>• Kalinisan<br>• Kapaligiran<br><br>• Pandaigdigang na Pagkakaunawaan | - di-materyal<br>➢ kaugalian<br>➢ saloobin<br>➢ paniniwala | | Pilipino:<br>- pagsali sa mga katutubong laro at sayaw<br>- pagsali sa mga balagtasan, awitan, atbp.<br>- pagsali sa pagguhit at pagpipinta<br>- pagbuo ng tugma at tula, kuwento at sanaysay<br><br>• naisasabuhay ang mga katangi-tanging di-materyal na pamanang kultura tulad ng:<br>- pagpapahalaga sa nakatatandang kapatid, i.e. pagsunod sa utos ni ate/kuya tanda ng pagpapahalaga bilang kinatawan ni tatay at nanay<br>- nasusuri ang kultura ng ibang bansa sa pamamagitan ng kanilang kuwentong-bayan, katutubong sayaw at awit at laro |
| - Environmental<br>- Pandaigdigang Pagkakaunawaan | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipamamalas ang ganap na pang-unawa sa disiplinang pansarili para sa kaligtasang panlahat | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• nakasusunod sa mga batas/panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran kahit walang nakakikita | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naisasabuhay ang pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran saanman sa pamamagitan:<br>- pagtapon ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok sa tamang tapunan<br>- pag-iwas sa pagsunog ng anumang bagay<br>- pagsasagawa ng Muling Paggamit ng mga patapong bagay (*Recycling*)<br><br>• nasusuri ang epekto ng tulung-tulong na pangangalaga ng kapaligiran sa kaligtasan |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman**<br>(Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap**<br>(Performance Standards ) | **Mga Batayang Kasanayan**<br>(Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | | | ng daigdig |
| **IV. Pananalig sa Panginoon at Preperensya sa Kabutihan (*Love for God and Preference for the Good*)** | | | |
| • Pananampalataya sa Diyos (*Faith*)<br><br>• Pag-asa (*Hope*)<br><br>• Pagmamahal (*Charity*)<br><br>• Ispiritwalidad (*spirituality*)<br><br>• Paggalang sa paniniwala sa iba | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipapamalas ang pang-unawa na ang pananampalataya sa Diyos ay naipakikita sa pamamagitan ng pagmamahal sa kanilang mga likha<br>- Tao<br>- Hayop<br>- Halaan | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipadarama ang tunay na pananampalataya sa Diyos ay naipakikita sa pamamagitan ng pagmamahal sa kanilang mga likha | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• napahahalagahan ang lahat ng mga bagay na may buhay<br>Sarili<br>- pag-iwas sa pakikipag-usap sa taong di-kilala<br>- pag-iwas sa pagkakaroon ng sakit<br>Hayop<br>- pagkalinga sa mga hayop na ligaw<br>Halaman<br>- pangangalaga sa mga halaman gaya ng:<br>➢ pag-aayos ng mga natumbang halaman<br>➢ paglalagay ng mga lupa sa paso<br>➢ pagbubungkal sa paligid ng tanim na halaman |

## GRADE 5

<table>
<tr><th>Content</th><th>Pamantayang Pangnilalaman<br>(Content Standards)</th><th>Pamantayan sa Pagganap<br>(Performance Standards)</th><th>Mga Batayang Kasanayan<br>(Learning Competencies)</th></tr>
<tr><td colspan="4">I. Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya (Self-Worth)</td></tr>
<tr><td>• Katatagan ng loob (fortitude)<br>• Pagkamasigasig (perseverance)<br>• Mapanuring pag-iisip (critical-thinking)<br>• Pagkabukas isipan (open- mindedness)<br>• Pagmamahal sa katotohanan (love for truth)<br>• Pagkamatiyaga (patience)<br>• Pagkamahinahon (calmness)</td><td>Ang mag-aaral ay…<br>• naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip sa pagpapahayag at pagganap ng anumang gawain na may kinalaman sa sarili at sa pamilyang kinabibilangan</td><td>Ang mag-aaral ay…<br>• naisasabuhay ang tamang pag-uugali sa pagpapahayag at pagganap ng anumang gawain</td><td>Ang mag-aaral ay…<br>• naipakikita ang kawilihan at positibong saloobin sa pag-aaral<br>- pakikinig<br>- pakikilahok sa pangkatang gawain<br>- pakikipag-talakayan<br>- pagtatanong<br>- paggawa ng proyekto<br>- paggawa ng takdang aralin<br>- pagtuturo sa iba<br>• naipakikita ang pagkawili sa pagbabasa/ pagsuri ng mga aklat at magasin<br>- Nagbabasa ng diyaryo araw-araw<br>- Nakikinig /nanonood sa telebisyon sa mga “Update” o bagong kaalaman</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td>• nakagagawa ng isang pasya ayon sa dikta ng isip at loobin na kung ano ang dapat</td><td>• Nasusuri ang mabuti at di-mabuting maidudulot sa sarili at miyembro ng pamilya ng anumang babasahin, napapakinggan at napapanood<br>- Dyaryo<br>- Magasin<br>- Radyo<br>- Telebisyon</td></tr>
</table>

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | | | - Internet |
| | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naisasagawa ang mga inaasahang kilos at pahayag tungo sa kabutihan at katotohanan | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipapahayag nang may katapatan ang sariling opinyon/ideya at saloobin tungkol sa mga sitwasyong may kinalaman sa sarili at pamilyang kinabibilangan<br>Hal. Suliranin sa paaralan at pamilya |
| | | | • naipapahayag ang katotohanan kahit masakit sa kalooban gaya ng:<br>- Pagkuha ng pag-aari ng iba<br>- Pangongopya sa oras ng pagsusulit<br>- Pagsisinungaling sa sinumang miyembro ng pamilya, atbp. |
| | | | • nahihinuha na ang pagsasabi nang tapat ay susi ng pagsasama nang maluwag at magdudulot ng kabutihan gaya ng:<br>- Pagkakasundo<br>- Mabuting samahan |
| | | | • naipakikita ang matapat na paggawa sa mga proyektong pampaaralan |
| | | | • nahihikayat ang iba na maging matapat sa lahat ng uri ng paggawa |
| | | | • napatutunayan na mahalaga ang pagkakaisa sa pagtapos ng Gawain |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **II. Pakikipagkapwa-tao *(Harmony with Other People)*** | | | |
| • Pagkamahahabagin (*Compassion*)<br><br>• Pagkakawanggawa (*charity*)<br><br>• Pagkamagalang (*Respectful*)<br><br>• Pagmamalasakit sa kapwa (*Concern for others*)<br><br>• Paggalang sa opinyon ng ibang tao (*Respect for other people's opinion*) | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan nang pakikipagkapwa-tao at pagganap ng mga inaasahang hakbang, pahayag at kilos para sa kapakanan at ikabubuti ng kapwa | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipadarama nang bukal sa loob ang paggalang at pagmamalasakit sa kapwa sa panahon ng pangangailangan<br><br>• naisasagawa ang mga hakbang na ikabubuti ng nakakarami<br><br>• naipakikita ang pakikibagay/pakiki-angkop sa anumang antas sa buhay | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• nakapagbibigay ng kayang tulong para sa nangangailangan<br>- Biktima ng kalamidad<br>- Pagbibigay ng babala/ impormasyon kung may bagyo, baha, sunog, lindol, atbp.<br><br>• naipagbibigay alam sa kinauukulan ang tungkol sa kaguluhan, atbp. (Pagmamalasakit sa kapwa)<br><br>• naisasagawa ang paggalang sa mga dayuhan sa pamamagitan ng :<br>- Mabuting pagtanggap/pag- aasikaso sa kanila<br>- Paggalang sa mga natatanging kaugalian / paniniwala ng dayuhang kakaiba sa kinagisnan<br><br>• nakabubuo at naipapahayag ang mabuting ideya/opinion<br><br>• naipauubaya sa kapwa ang pansariling layunin<br><br>• naisasaalang-alang ang karapatan ng iba<br><br>• nakikilahok sa mga patimpalak o paligsahan<br><br>• nagagampanan nang buong husay ang |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | | | anumang tungkulin sa programa o proyekto |
| **III. Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa (*Love of Country and Global Solidarity*)** | | | |
| • Kasipagan (*industry*)<br>• Mapanagutan (*responsibility*)<br>• Pagmamalasakit sa kapaligiran<br>• Pagmamalasakit sa pamayanan | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan nang pagpapakita ng mga katangi-tanging kaugalian ng Pilipino, pagkakaroon ng pansariling disiplina, pagiging esponsableng tagapangalaga ng kapaligiran at may pagpapahalaga sa paggawa | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipagmamalaki ang namumukod at kanais-nais na kaugaliang Pilipino<br>• naipakikita na may disiplina sa sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas na ipinatutupad ng bansa | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipapakita ang mga kanais-nais na kaugaliang Pilipino<br>- Nakikisama sa kapwa Pilipino<br>- Tumutulong/ lumalahok sa bayanihan at palusong<br>- Magiliw na pagtanggap ng mga panauhin<br>• naipakikita ang paggalang sa mga dayuhan sa pamamagitan ng:<br>- Mabuting pagtanggap/ pag-aasikaso sa kanila<br>- Paggalang sa mga natatanging kaugalian/ paniniwala ng dayuhang kakaiba sa kinagisnan<br>• naipamamalas ang pagkamalikhain sa pagbuo ng mga ideya sa sayaw, awit at sining<br>• napananatili ang pagiging mabuting mamamayang Pilipino |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | | | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• nakasusunod nang may matalinong pagpapasya para sa kaligtasan<br>- Pagbabawal sa malalaswan panoorin at babasahin<br>- Pagsunod sa mga alituntunin tungkol sa pag-iingat sa sunog at paalaala kung may kalamidad<br><br>• nakakalahok sa pangangampanya sa pagpapatupad ng mga batas para sa kabutihan ng lahat<br>- Pangkalinisan<br>- Pangkaligtasan<br>- Pangkalusugan<br>- Pangkapayapaan<br><br>• naipamamalas ang kasiyahan sa pakikiisa sa mga programa ng pamahalaan na may kaugnayan sa pagpapanatili ng kapayapaan<br>- Paggalang sa karapatang pantao<br>- Paggalang sa opinyon ng iba<br>- Paggalang sa ideya ng iba<br><br>• nakikiisa nang buong tapat sa mga gawaing nakatutulong sa bansa at daigdig<br><br>• napatutunayan na mahalaga ang pagkakaisa sa pagtapos ng gawain |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• nagkakaroon ng kamalayan sa komitment sa pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipakikita ang pagpapahalaga sa paggawa<br><br>• naipapamalas ang pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran | *Ang mag-aaral ay…*<br><br>• naipakikita ang magagandang halimbawa ng pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran<br>- Pagiging mapanagutan<br>- Pagmamalasakit sa kapaligiran sa pamamagitan ng:<br>- pakikiisa sa mga programang pangkapaligiran<br><br>• napatutunayan na ang pangngailangan ay di nakukuha sa kasakiman<br>- Paggiging " vigilant " sa mga illegal na gawaing nakasisira sa kapaligiran |
| **IV. Pananalig sa Panginoon at Preperensya sa Kabutihan (*Love for God and Preference for the Good*)** | | | |
| • Pananampalataya sa Diyos (*Faith*)<br><br>• Pag-asa (*Hope*)<br><br>• Pagmamahal (*Charity*)<br><br>• ispiritwalidad | • naipamamalas ang pang-unawa na ang "Ang Maykapal ang nagbigay ng buhay at pasasalamat sa Kanya ay ang pagpapakataong tunay" | • nakasusunod sa mga kautusan ng Diyos bilang pasasalamat sa bigay Niyang buhay | • naipakikita ang bui at tunay na pagmamahal sa kapwa gaya ng:<br>- Pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapawa<br>- Pakikiisa sa pagdarasal para sa kabutihan ng panlahat<br>- Paghalinga sa kapwa naipakikita ang iba't ibang paraan ng pasasalamat sa Diyos na lumikha |

**GRADE 6**

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman**<br>(Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap**<br>(Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan**<br>(Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **I. Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya (*Self-Worth*)** | | | |
| • Katatagan ng loob (*fortitude*)<br>• Pagkamasigasig (*perseverance*)<br>• Mapanuring pag-iisip (*critical-thinking*)<br>• Pagkabukas isipan (*open-mindedness*)<br>• Pagmamahal sa katotohanan (*love for truth*)<br>• Pagkamatiyaga (*patience*)<br>• Pagkamahinahon (*calmness*) | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nauunawaan at naipakikita ang tamang pamaraan ng pagbibigay ng desisyon<br>• naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan nang pagbibigay ng isang desisyon at pagganap sa mga pamamaraan nito | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nakapagbibigay ng tamang desisyon ng may katatagan ng loob para sa kabutihan ng nakararami | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipakikita ang tamang paraan ng pagbibigay desisyon sa pamamagitan ng:<br>- Pagsusuring mabuti sa mga bagay-bagay bago magdesisyon<br>- Pagsang-ayon sa pasya ng nakararami kung ito’y nakabubuti<br>- Pagamit ng impormasyon |

| Content | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **II. Pakikipagkapwa-tao *(Harmony with Other People)*** | | | |
| • Pagkamahahabagin (*compassion*)<br>• Pagkakawanggaga (*charity*)<br>• Pagkamagalang (*respect*)<br>• Pagmamalasakit sa kapwa (*concern for others*)<br>• Paggalang sa opinion ng ibang tao (*respect for other people's opinion*) | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nauunawaan ang kahalagahan ng pagtupad sa pangako o pinagkasunduan<br>- Pagtupad sa pangako<br>- Kahalagahan ng pagiging matapat | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nauunawaan at naisasagawa ang kahalagahan ng pagtupad sa pangako o pinagkasunduan | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipadarama ang pagkakaroon ng bukas na isipan at pagiging mahinahon sa pagpapasya |
| | | | • naipakikita ang kahalagahan ng pagtupad sa pangako o kasunduan<br>- Pagkakaroon ng mabuting pagsasamahan<br>- Pagpapanatili ng pagiging magkaibigan<br>- pagkakaroon ng kalidad sa natapos na gawain, kasunduan o gulo |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **III. Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa (*Love of Country and Global Solidarity*)** | | | |
| • Kasipagan (*industry*)<br>• Mapanagutan (*responsibility*)<br>• Pagmamalasakit sa kapaligiran (*care for the environment*)<br>• Pagmamalasakit sa pamayanan (*concern for the community*) | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipamamalas ang pang-unawa sa mga batayang kalayaan ng isang mamamayan at natatamasa ang mga ito na may kaukulang pananagutan | *Ang mag-aaral ay…*<br>• napahahalagahan ang mga batayang kalayaan ng may kaukulang pananagutan at limitasyon sa pagtatamasa ng mga ito | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nabibigyang-halaga ang mga batayang kalayaan ng may kaukulang pananagutan at limitasyon<br>- Kalayaan sa pamamahayag<br>- Pagbibigay ng sariling opinyon, ideya, o pananaw<br>- Pagsasaalang ng karapatan ng iba<br>- Paghikayat sa iba na magkaroon ng kamalayan sa kanilang kalayaan |
| *NATIONALISM AND GLOBALISM*<br>• Kaayusan<br>• Pag-ayos sa Kalikasan<br>  • Kalinisan<br>  • Kapaligiran<br>• Pandaigdigang na Pagkakaunawaan | • naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan at pagmamalasakit sa kababayan at kapwa | • naipadarama ng may katapatan ang pagmalasakit sa mga kababayan at kapwa | • naipapakita ang pagmamahal at pagmamalasakit sa pamamagitan ng :<br>- Pagkilala at pagtanggap sa mga kababayan anuman ang pangkat na kinabibilangan<br>- pagtulong sa nangangailangan<br>- pagpapasaya sa mga nangangailangan at kapuspalad<br>- paglahok nang kusa sa mga programa para sa mga kababayan |
| | • naipamamalas ang kahalagahan at pagsunod sa mga batas na ipinaiiral sa bansa at ibang bahagi ng daigdig | • naipakikita ng may disiplina sa sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas pambansa at pandaigdigan | • naisasakilos ang pagtupad sa mga batas pambansa at pandaigdigan<br>- pagtupad sa mga batas para sa kaligtasan<br>➢ Sa daan |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | | | ➢ Pangkalusugan<br>➢ Pangkapaligiran<br>➢ Pag-abuso sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot<br>- Lumalahok sa mga kampanya at programa para sa pagpapatupad ng batas gaya ng pagbabawal sa paninigarilyo, pananakit sa hayop,atbp.<br>- Tumutulong sa makakayanang pamaraan ng pagpapanatili ng kapayapaan |
| | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nauunawaan na may mga katangiang taglay ang mga magaling at matagumpay na Pilipino at napahahalagahan ang mga ito | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipagmamalaki ang magagaling at matagumpay na mga Pilipino larangan | *Ang mag-aaral ay…*<br>• napahahalagahan ang magaling at matagumpay na mga Pilipino sa pamamagitan ng:<br>- Pagbasa at pag-aaral sa kuwento ng kanilang pagtatagumpay<br>- Pag-isa-isa sa mga katangian at pagpapahalagang nagging susi ng pagtatagumpay ng mga Pilipino |
| | | • naipadarama ng buong paghanga ang pagnanais na matularan ang magagandang halimbawa ng matatagumpay na Pilipino | • naipakikita ang pagnanais na matularan ang :<br>- Magagandang katangian gaya ng kasipagan, mapanagutan, pagmamalasakit sa kapaligiran at pamayanan<br>- Pagiging mabuting kaspi ng isang pangkat o “team” |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman**<br>(Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap**<br>(Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan**<br>(Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **IV. Pananalig sa Panginoon at Preperensya sa Kabutihan (*Love for God and Preference for the Good*)** | | | |
| • Pananampalataya sa Diyos (*Faith*)<br>• Pag-asa (*Hope*)<br>• Pagmamahal (*Charity*)<br>• Ispiritwalidad | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nauunawaan na ang ispirit-walidad ay may kaugnayan sa pagpapaunlad ng pagkatao at naipamamalas ito | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naisasabuhay ang pagiging mabuting tao  at may positibong o pananaw sa buhay bilang katunayan ng pagpapaunlad ng ispiritwalidad | *Ang mag-aaral ay…*<br>• napapatunayan na ang itwalidad ay pagpapaunlad ng ispiritwalidad sa pagpapaunlad ng pagkatao<br>- Pagpapaliwanag na ang ispiritwalidad ay pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang pananampalataya<br>- Pagkakaroon ng positibong pananaw, may pag-asa, at nagmamahal ng Diyos at kapwa |

## GRADE 7

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **Grade 7 - UNANG MARKAHAN : Pagkilala at Pamamahala sa mga Pagbabago sa Sarili** | | | |
| • Mga Angkop na Inaasahang Kakayahan at Kilos sa Panahon ng Pagdadalaga/Pagbibinata (Developmental Tasks):<br>- Pagtamo ng bago at ganap na pakikipag-ugnayan (more mature relations) sa mga kasing edad (Pakikipagkaibigan)<br>- Pagtanggap ng papel sa lipunan na angkop sa babae at lalaki (Pakikipagkaibigan)<br>- Pagnanais at pagtamo ng mapanagutang asal sa pakikipagkapwa / sa lipunan<br>- Pagkakaroon ng kakayahang makagawa ng maingat na pagpapasya | *Naipapamalas ng mag-aaral…*<br>• ang pag-unawa sa mga inaasahang kakayahan at kilos sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata, sa kanyang mga talento, kakayahan, at kahinaan, hilig, at mga tungkulin bilang nagdadalaga/nagbibinata. | *Naisasagawa ng mag-aaral…*<br>• ang mga mga angkop na hakbang tungo sa paglinang ng apat na inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa panahon ng pagdadalaga / pagbibinata. | • Natutukoy ang mga pagbabago sa kanilang sarili mula sa gulang na 8 o 9 hanggang sa kasalukuyan sa aspetong: (a) Pakikipag-ugnayan (more mature relations) sa mga kasing-edad, (b) Papel sa lipunan bilang babae o lalaki, (c) Asal sa pakikipagkapwa / sa lipunan, at (d) Kakayahang makagawa ng maingat na pagpapasya<br>• Natatanggap ang mga pagbabagong nagaganap sa sarili sa panahon ng pagdadalaga/pagbibinata<br>• Naipaliliwanag na ang paglinang ng mga angkop na inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa panahon ng pagdadalaga / pagbibinata ay nakatutulong sa:<br>- pagkakaroon ng tiwala sa sarili, at<br>- paghahanda sa susunod na yugto (stage) ng buhay (paghahanda sa paghahanapbuhay at paghahanda sa pag-aasawa / pagpa pamilya), at<br>- pagiging mabuti at mapanagutang tao |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | | | • Naisasagawa ang mga angkop na hakbang tungo sa paglinang ng apat na inaasahang kakayahan at kilos (developmental tasks) sa panahon ng pagdadalaga / pagbibinata |
| • Mga Talento, Kakayahan at Kahinaan | *Naipapamalas ng mag-aaral…*<br>• ang pag-unawa sa kanyang mga talento, kakayahan at kahinaan. | *Naisasagawa ng mag-aaral…*<br>• ang mga kilos tungo sa pagpapaunlad ng mga kakayahan at talento at paglampas sa mga kahinaan. | • Natutukoy ang kanyang mga talento at kakayahan gamit ang Multiple Intelligences Survey Form ni Walter Mckenzie<br>• Natutukoy ang mga aspeto ng sarili kung saan kulang siya ng tiwala sa sarili at nakikilala ang mga paraan kung paano lalampasan ang mga ito<br>• Napatutunayan na ang pagtuklas at pagpapaunlad ng mga angking talento at kakayahan ay mahalaga sapagkat ang mga ito ay mga kaloob na kung pauunlarin ay makahuhubog ng sarili tungo sa pagkakaroon ng tiwala sa sarili, paglampas sa mga kahinaan, pagtupad ng mga tungkulin, at paglilingkod sa pamayanan<br>• Naisasagawa ang mga kilos tungo sa pagpapaunlad ng mga talento at kakayaha paglampas sa mga kahinaan |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| • Mga Hilig (Interests) | *Naipapamalas ng mag-aaral…*<br><br>• ang pag-unawa sa kanyang mga hilig | *Naipapamalas ng mag-aaral…*<br><br>• ang mga kilos tungo sa pagpapaunlad ng kanyang mga hilig | • Natutukoy ang kaugnayan ng pagpapaunlad ng mga hilig sa pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay<br><br>• Nakasusuri ng mga sariling hilig ayon sa larangan at tuon ng mga ito<br><br>• Naipaliliwanag na ang pagpapaunlad ng mga hilig ay makatutulong sa pagtupad ng mga tungkulin, paghahanda tungo sa pagpili ng propesyon, kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay, pagtulong sa kapwa at paglilingkod sa pamayanan<br><br>• Naisasagawa ang mga kilos tungo sa pagpapaunlad ng mga sariling hilig |
| • Mga Tungkulin Bilang Nagdadalaga/Nagbibinata:<br>- Sa sarili<br>- Bilang anak<br>- Bilang kapatid<br>- Bilang mag-aaral<br>- Bilang mamamayan<br>- Bilang mananampalataya<br>- Bilang konsyumer ng media<br>- Bilang tagapangalaga | • ang pag-unawa sa mga hakbang tungo sa maayos na pagtupad ng kanyang mga tungkulin bilang nagdadalaga / nagbibinata. | • ang mga kilos tungo sa maayos na pagtupad ng kanyang mga tungkulin bilang nagdadalaga / nagbibinata. | • Natutukoy ang kanyang mga tungkulin sa bawat gampanin bilang nagdadalaga / nagbibinata<br><br>• Natataya ang kanyang mga kilos tungo sa maayos na pagtupad ng kanyang mga tungkulin bilang nagdadalaga / nagbibinata<br><br>• Napatutunayan na ang pag-unawa ng kabataan sa kanyang mga tungkulin sa sarili, bilang anak o kapatid, mag-aaral, mamamayan, mananampalataya, kosyumer ng media at bilang |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| ng kalikasan | | | tagapangalaga ng kalikasan ay isang paraan upang maging mapanagutan bilang paghahanda sa susunod na yugto ng buhay<br>• Naisasagawa ang mga kilos tungo sa maayos na pagtupad ng kanyang mga tungkulin bilang nagdadalaga / nagbibinata |
| **Grade 7 - IKALAWANG MARKAHAN: Ang Pagkatao ng Tao** | | | |
| • Isip at Kilos-loob | *Naipamamalas ng mag-aaral…*<br>• ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa isip at kilos-loob. | *Naisasagawa ng mag-aaral…*<br>• ang mga pasyang patungo sa katotohanan at kabutihan batay sa mga konsepto tungkol sa isip at kilos-loob. | • Nasusuri ang gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob<br>• Nasusuri ang isang pasyang ginawa batay sa gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob<br>• Naipaliliwanag na ang isip at kilos-loob ang nagpapabukod-tangi sa tao<br>• Nagagamit ang isip at kilos-loob sa paggawa ng mga pasya at kilos tungo sa katotohanan at kabutihan |
| • Ang Kaugnayan ng Konsensya sa Likas na Batas Moral | • ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa konsensya at Likas na Batas Moral. | • natataya ang kanyang mga kilos o pasya batay sa dinidikta ng tamang konsensya. | • Nakikilala na ang Likas na Batas Moral ay natatangi sa tao dahil ang pagtungo sa kabutihan ay may kamalayan at kalayaan. Ang unang prinsipyo nito ay likas sa tao na dapat gawin ang mabuti at iwasan ang masama. |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Naipamamalas ng mag-aaral…* | *Naisasagawa ng mag-aaral…* | • Nailalapat ang wastong paraan upang baguhin ang mga pasya at kilos na taliwas sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral<br>• Nahihinuha na nalalaman agad ng tao ang mabuti at masama sa kongkretong sitwasyon batay sa sinasabi ng konsensya. Ito ang Likas na Batas Moral na itinanim ng Diyos sa isip at puso ng tao.<br>• Nakabubuo ng mga hakbang upang mapaunlad ang mga pasya at kilos na ginagawa araw-araw |
| • Kalayaan | • ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa kalayaan. | • ang pagbuo ng mga hakbang upang mapaunlad ang paggamit ng kalayaan. | • Napangangatwiranan kung bakit hindi tunay na malaya ang mga taong nakapiit sa sariling bisyo, maling pananaw, magulong buhay<br>• Nakapagbibigay-puna sa sariling mga gawi na nakaaapekto sa paggamit ng kalayaan<br>• Nahihinuha na likas sa tao ang malayang pagpili sa mabuti o sa masama; ngunit ang kalayaan ay may kakambal na pananagutan para sa kabutihan<br>• Nakabubuo ng mga hakbang upang mapaunlad ang paggamit ng kalayaan |

| Content | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Naipamamalas ng mag-aaral…* | *Naisasagawa ng mag-aaral…* | |
| • Dignidad ng tao | • ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa dignidad ng tao. | • Nakagagawa ng konkretong paraan upang ipakita ang paggalang at pagmamalasakit sa mga taong kulang ng oportunidad sa buhay. | • Napatutunayan na ang bawat tao ay may dignidad anoman ang kanyang kalagayang panlipunan, kulay, lahi, edukasyon, relihiyon at iba pa<br>• Nakabubuo ng mga paraan upang mahalin ang sarili at kapwa na may pagpapahalaga sa dignidad ng tao<br>• Napatutunayan na ang (a) paggalang sa dignidad ng tao ay ang nagsisilbing daan upang mahalin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili at (b) ang paggalang sa dignidad ng tao ay nagmumula sa pagiging pantay at magkapareho nilang tao<br>• Naisasagawa ang pagtulong sa kapamilya, kaibigan o kakilala na iangat ang pagpapahalaga sa kanilang sarili |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **Grade 7 - IKATLONG MARKAHAN: Ang Pagpapahalaga at Birtud** | | | |
| • Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud | *Naipamamalas ng mag-aaral…*<br>• ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa pagpapahalaga at birtud. | *Naisasagawa ng mag-aaral…*<br>• Naillalapat sa pang-araw-araw na buhay ang mga tiyak na hakbang sa pagsasabuhay ng mga birtud. | • Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakaugnay ng birtud at pagpapahalaga<br>• Nakikilala (a) ang mga birtud at pagpapahalaga na isasabuhay at (b) ang mga tiyak na kilos na ilalapat sa pagsasabuhay ng mga birtud at pagpapahalaga<br>• Napatutunayan na ang paulit-ulit na pagsasabuhay ng mga mabuting gawi batay sa mga moral na pagpapahalaga ay patungo sa paghubog ng mga birtud (acquired virtues)<br>• Nailalapat sa pang-araw-araw na buhay ang mga tiyak na hakbang sa pagsasabuhay ng mga birtud |
| • Hirarkiya ng Pagpapahalaga | • ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa hirarkiya ng pagpapahalaga. | • Nailalapat ng mag-aaral sa pang-araw-araw na buhay ang mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng mga pagpapahalaga tungo sa makatotohanang pag-unlad ng pagkatao. | • Natutukoy ang iba't ibang antas ng pagpapahalaga at ang mga halimbawa nito<br>• Nakagagawa ng sariling hagdan ng pagpapahalaga batay sa Hirarkiya ng mga Pagpapahalaga ni Max Scheler<br>• Naipaliliwanag na ang pinili nating uri ng pagpapahalaga mula sa hirarkiya ng mga pagpapahalaga ay gabay sa makatotohanang pag-unlad ng ating pagkatao |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Naipamamalas ng mag-aaral…* | *Naisasagawa ng mag-aaral…* | • Nailalapat sa pang-araw-araw na buhay ang mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng kanyang mga pagpapahalaga tungo sa makatotohanang pag-unlad ng kanyang pagkatao |
| • Mga Panloob na Salik na Nakaiimpluwensya sa Paghubog ng mga Pagpapahalaga<br>- Konsensya<br>- Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan<br>- Pagiging Sesitibo sa Gawang Masama<br>- Pagsasabuhay ng mga Birtud<br>- Disiplinang Pansarili<br>- Moral na Integridad | • ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa panloob na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga. | • nailalapat sa pang-araw-araw na buhay ang mga tiyak na hakbang sa pagpapaunlad ng mga panloob na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng pagpapahalaga. | • Naipaliliwanag ang mga panloob na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga<br>• Nasusuri ang isang kilos batay sa isang panloob na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga<br>• Nahihinuha na ang paglalapat ng mga panloob na salik sa pang-araw-araw na buhay ay gabay sa paggawa ng mapanagutang pasiya at kilos<br>• Naisasagawa ang mga tiyak na hakbang na ilalapat sa mga pang-araw-araw na gawain at pagpapasiya na makatutulong sa paghubog ng bawat panloob na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
| --- | --- | --- | --- |
| • Mga Panlabas na Salik na Nakaiimpluwensya sa Paghubog ng Pagpapahalaga<br><br>- Pamilya at Paraan ng Pag-aaruga sa Anak<br>- Guro at Tagapagturo ng Relihiyon<br>- Mga Kapwa Kabataan<br>- Pamana ng Kultura<br>- Katayuang Panlipunan-Pangkabuhayan<br>- Media | *Naipamamalas ng mag-aaral…*<br><br>• ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa panlabas na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga. | *Naipamamalas ng mag-aaral…*<br><br>• Naisasabuhay ang pagiging mapanuri at pagiging mapanindigan sa mga pasya at kilos sa gitna ng mga nagtutunggaliang impluwensya ng mga panlabas na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga | • Naiisa-isa ang mga panlabas na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng pagpapahalaga<br><br>• Nasusuri ang isang kilos o gawi batay sa impluwensya ng isang panlabas na salik (na nakaiimpluwensya sa paghubog ng pagpapahalaga) sa kilos o gawi na ito<br><br>• Napatutunayan na ang pag-unawa sa mga panlabas na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga ay nakatutulong upang maging mapanuri at mapanindigan ang tamang pasya at kilos sa gitna ng mga nagtutunggaliang impluwensya<br><br>• Naisasabuhay ang pagiging mapanuri at pagiging mapanindigan sa mga pasya at kilos sa gitna ng mga nagtutunggaliang impluwensya ng mga panlabas na salik na nakaiimpluwensya sa paghubog ng mga pagpapahalaga |
| **Grade 7 - IKAAPAT NA MARKAHAN: Ang Pagtatakda ng Mithiin at Pagpapasya** | | | |
| • Ang Pangarap at Mithiin | • ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa pangarap at mithiin. | • Nakapaglalapat ng pansariling plano sa pagbibigay katuparan sa sariling mga pangarap at natataya ang ginawang paglalapat dito | • Nahihinuha na ang mga pangarap ay batayan ng kanilang mga pagpupunyagi tungo sa makabuluhan at maligayang buhay |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Naipamamalas ng mag-aaral…* | *Naisasagawa ng mag-aaral…* | • Nakapagtatakda ng malinaw at makatotohanang mithiin upang magkaroon ng tamang direksyon sa buhay at matupad ang mga pangarap<br>• Nahihinuha na ang pagtatakda ng malinaw at makatotohanang mithiin ay naqgsisilbibg gabay sa tamang pagpapasiya upang magkaroon ng tamang direksyon sa buhay at matupad ang mga pangarap<br>• Nakapaglalapat ng pansariling plano sa pagbibigay katuparan sa sariling mga pangarap at natataya ang ginawang paglalapat dito |
| • Ang Mabuting Pagpapasya | • ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa mabuting pagpapasya. | • ang pagbuo ng pahayag ng layunin sa buhay batay sa mga hakbang sa mabuting pagpapasya | • Naipaliliwanag ang kahalagahan ng makabuluhang pagpapasya sa uri ng buhay<br>• Nasusuri ang ginawang pahayag na layunin sa buhay kung ito ay may pagsasaalang-alang sa tama at matuwid na pagpapasya<br>• Nahihinuha na ang pagbuo ng pahayag na layunin sa buhay ay gabay sa tamang pagpapasiya upang magkaroon ng tamang direksyon sa buhay at matupad ang mga pangarap |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Naipamamalas ng mag-aaral…* | *Naisasagawa ng mag-aaral…* | • Nakagagawa ng pahayag ng layunin sa buhay batay sa mga hakbang sa mabuting pagpapasya |
| • Mga Pansariling Salik sa Pagpili ng Kursong Akademiko o Teknikal-bokasyonal, Negosyo o Hanapbuhay | • pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa mga pansariling salik sa pagpili ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay. | • ang pagtatakda ng mithiin gamit ang Goal Setting at Action Planning Chart | • Natutukoy ang mga personal na salik na kailangang paunlarin kaugnay ng pagpaplano ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay<br>• Natatanggap ang mga pagkukulang sa mga kakayahan kaugnay ng mga pangangailangan sa pinaplanong kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay<br>• Naipaliliwanag na ang pagiging tugma ng mga personal na salik sa mga pangangailangan (requirements) sa pinaplanong kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay ay daan upang magkaroon ng makabuluhang negosyo o hanapbuhay at matiyaqk ang pagiging produktibo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa<br>• Naipakikita ang pagkilala sa sarili at ang kasanayan sa pagtatakda ng mithiin sa paggawa ng Goal Setting at Action Planning Chart |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| • Halaga ng Pag-aaral sa Paghahanda Para sa Pagnenegosyo at Paghahanapbuhay | *Naipamamalas ng mag-aaral…*<br>• ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa halaga ng pag-aaral sa paghahanda para sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay. | *Naipamamalas ng mag-aaral…*<br>• ang plano ng paghahanda para sa pinaplanong kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay batay sa pamantayan sa pagbuo ng Career Plan. | • Nakikilala ang (a) mga kahalagahan ng pag-aaral sa paghahanda sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay at (b) ang mga hakbang sa paggawa ng Career Plan<br>• Natutukoy ang mga sariling kalakasan at kahinaan at nakapagbabalangkas ng mga hakbang upang magamit ang mga kalakasan sa ikabubuti at malagpasan ang mga kahinaan<br>• Naipaliliwanag na sa pag-aaral nalilinang ang mga kasanayan, pagpapahalaga, talento at mga kakayahan na makatutulong, sa pagtatagumpay sa pinaplanong negosyo o hanapbuhay<br>• Nakapagbabalangkas ng plano ng paghahanda para sa pinaplanong kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, negosyo o hanapbuhay batay sa pamantayan sa pagbuo ng Career Plan |

## GRADE 8

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| **Grade 8 - UNANG MARKAHAN** | | | |
| **Ang Pamilya Bilang Ugat ng Pakikipagkapwa** | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan, katangian at layunin ng pamilya sa pagpapaunlad ng pakikipagkapwa; | *Ang mag-aaral ay…*<br>• ang mag-aaral ay nakabubuo ng mga hakbang sa pagpapaunlad ng pakikitungo sa pamilya tungo sa mabuting pakikipagkapwa<br>• ang mga kakailanganing gawain sa bawat aralin ay ang sumusunod:<br>- Pagbibigay ng mga patunay na ang pamilya ay natural na institusyon ng pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya<br>- Pagbuo ng mga paraan upang mapaunlad ang komunikasyon o pag-uusap sa pamilya<br>- Paghubog ng pagpapahalaga o birtud na magpapatatag ng pakikipagkapwa.<br>- Pagbuo ng mga paraan ng pagtulong ng pamilya sa pamayanan | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipamamalas ang pag-unawa na ang pamilya ay natural na institusyon ng pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya na nakatutulong sa pagpapaunlad ng sarili tungo sa pakikipagkapwa.<br>*(Paksa 1: Ang pamilya bilang natural na institusyon ng pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya)* |
| | | | • naipakikita na ang bukas at maayos na komunikasyon sa pagitan ng mga magulang at mga anak ay nagbibigay-daan sa mabuting ugnayan ng pamilya at sa pakikitungo sa kapwa<br>*(Paksa 2: Ang kahalagahan ng komunikasyon pagpapatatag ng pamilya at sa pakikitungo sa kapwa)* |
| | | | • napatitibay ang mga pagpapahalagang natutuhan sa pamilya sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kapwa<br>*(Paksa 3: Napatatatag ng pakikipagkapwa ang pamilya)* |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nakatutulong ang pamilya sa pagtataguyod ng mabubuting proyekto ng pamayanan at ang pagiging bukas ng pamilya sa pagtulong sa kapwa<br>*(Paksa 4: Ang Pamilya sa Pamayanan)* |
| **Grade 8 - IKALAWANG MARKAHAN** | | | |
| **Ang Pakikipagkapwa** | • naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto sa pakikipagkapwa, pakikipagkaibigan, komunikasyon, at emosyon | • ang mag-aaral ay nakapagsasagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad ng pakikipagkapwa sa kaibigan/kamag-aral o kapitbahay/kapamayanan. | • nakapaglilingkod sa kapwa upang maipakita ang pagmamahal dito at upang maging ganap na tao.<br>• nakikipag-ugnayan sa kapwa upang malinang sa aspetong panlipunan, intelektwal, at pangkabuhayan<br>*(Paksa 1: Ang Pakikipagkapwa)* |
| | | | • nakikipagkaibigan upang mahubog ang matatag na pagkakakilanlan at pakikisalamuha sa lipunan.<br>• napananatili ang mabuting pakikipagkaibigan upang mapaunlad ang pagkatao at pakikipagkaibigang batay sa kabutihan at pagmamahal.<br>• natatamo ang integrasyong pansarili at pagpapaunlad ng pakikipagkapwa sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan<br>*(Paksa 2: Ang Pakikipagkaibigan)* |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naipamamalas ang pag-unawa sa limang antas ng komunikasyon sa pamamagitan ng angkop at maayos na pakikipag-ugnayan sa kapwa.<br>• naipakikita ang malalim na pakikipag-ugnayan sa kapwa sa pamamagitan ng komunikasyon<br>• napapaunlad ang pakikipagkapwa sa pamamagitan ng pagiging sensitibo sa pasalita, di-pasalita at virtual na uri ng komunikasyon<br>*(Paksa 3: Komunikasyon sa Pakikipagkapwa)* |
| | | | • napamamahalaan ang emosyon sa pamamagitan ng pagtataglay ng mga birtud<br>• nahaharap ang matinding pagkamuhi, matinding kalungkutan, takot at galit sa pamamagitan ng katatagan (fortitude)<br>*(Paksa4: Ang Emosyon)* |
| **Grade 8 - IKATLONG MARKAHAN** | | | |
| **Mga Pagpapahalaga at Birtud (Virtue) sa Pakikipagkapwa** | • naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa mga halaga at birtud | • ang mga mag-aaral ay nakapagsasabuhay ng mga pagpapahalagang moral at birtud: | • naipakikita ang labis na katuwaan at pasasalamat sa kabutihang natanggap mula sa kapwa sa pamamagitan ng paggawa naman ng kabutihan sa iba |

| **Content** | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | sa pakikipagkapwa | - Pasasalamat sa ginawang kabutihan ng kapwa<br>- Pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at nasa kapangyarihan<br>- Paggawa ng mabuti sa kapwa<br>- Pakikipagkaibigan sa katapat na kasarian<br>- Katapatan sa salita at gawa | • naipakikita na siya ay hindi makasarili sa pamamagitan ng pagpapasalamat sa mga kabutihang natatanggap<br><br>• nakagagawa ng mga “brochure” na humihikayat sa mga kabataan na isabuhay ang pasasalamat sa ginawang kabutihan ng kapwa<br><br>*(Paksa 1: Pasasalamat sa Ginawang Kabutihan ng Kapwa)* |
| | | | • naipakikita ang pagmamahal at malalim na pananagutan sa pamamagitan ng pagsunod at paggalang sa mga magulang, nakatatanda at mga nasa kapangyarihan<br><br>• nagagampanan ang pagkilala sa mga magulang, nakatatanda at mga nasa kapangyarihan bilang biyaya ng Diyos na binigyan Niya ng awtoridad upang hubugin, bantayan at palakasin ang mga halaga.<br><br>• nakagagawa ng mga “brochure” na humihikayat sa mga kabataan na isabuhay ang pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at nasa kapangyarihan<br><br>*(Paksa 2: Pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at nasa kapangyarihan)* |

| Content | **Pamantayang Pangnilalaman** (Content Standards) | **Pamantayan sa Pagganap** (Performance Standards) | **Mga Batayang Kasanayan** (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br>• nakagagawa ng kabutihan sa kapwa na puno ng pagmamahal at tumutugon sa kagustuhan ng Diyos na maglingkod sa kapwa na hindi naghihintay ng anomang kapalit o kabayaran kahit pa ito ay nangangahulugan ng pagsasakripisyo para sa kapakanan ng iba.<br>• nagagawang kaaya-aya ang buhay para sa kapwa at nakapagbigay ng inspirasyon upang tularan ng iba sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti sa kapwa<br>• nakagagawa ng mga “brochure” na humihikayat sa mga kabataan na isabuhay ang paggawa ng mabuti sa kapwa<br>*(Paksa 3: Paggawa ng Kabutihan sa Kapwa)* |
| | | | • nagagamit ang maingat na pagpapasya (Prudensya) sa kanyang pakikipagkaibigan sa katapat na kasarian.<br>• nakagagawa ng mga “brochure” na humihikayat sa mga kabataan na isabuhay ang pakikipag-kaibigan sa katapat na kasarian |

| Content | Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | Mga Batayang Kasanayan (Learning Competencies) |
|---|---|---|---|
| | | | *(Paksa 4: Pakikipagkaibigan sa Katapat na Kasarian)* |
| | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…* | *Ang mag-aaral ay…*<br>• naibibigay sa kapwa ang nararapat (justice) para sa kanya sa pamamagitan ng pagiging tapat ditto<br>• napatutunayan ang pagkakaroon ng komitment sa katotohanan at mabuti/matatag na konsensya sa pamamagitan ng pagiging tapat sa salita at sa gawa<br>• nakagagawa ng mga “brochure” na humihikayat sa mga kabataan na isabuhay ang katapatan sa salita at sa gawa<br>• *(Paksa 5: Katapatan sa Salita at Gawa)* |
| **Grade 8 - IKA-APAT NA MARKAHAN** | | | |
